Patnubay para sa Masiglang Pakikibahagi sa Pagdiriwang ng Banal na Misa



# PATNUBAY SA MISA

8 Disyembre 2024 | Ikalawang Linggo ng Adbiyento | Taon K

## Adbiyento: Panahon ng Pangako at Pangaral

*Nasimulan na natin ang mabuting pagsasabuhay ng diwa ng Adbiyento nang may pananalig, pag-asa, at pagmamahal. Pinaaalalahanan tayo ni San Pablong magpunyagi sa ganitong kapuri-puring pagsisikap. Si Juan Bautista ang ating pinagkakatiwalaang gabay sa mahalagang pagpapatibay na espirituwal bilang paghahanda para sa paggunita sa pagsilang ni Kristo. Malinaw na puno ng pangako ang mga pagbasa.*

*Ang paghahanda ng daan para sa Panginoon ay pagtutuwid sa paliku-likong landas ng ating mga moral na pag-aalinlangan; pagtatambak sa mga bangin ng ating mga pagkukulang; at pagpatag sa mga bundok ng ating kapalaluan. Puno rin ng pangaral ang nasabing mga pagbasa. At habang abala tayo sa ganitong "espirituwal na pagpapaganda ng tanawin," lalo sanang mag-ibayo ang ating pag-ibig sa Diyos at sa ating kapwa upang tayo'y madatnang malinis at walang sala sa pagdating ng ating Panginoon. Sa pamamagitan lamang nito makakamit ang pagsasakatuparan ng pangako at pangaral.*



### PASIMULA

#### Pambungad

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Sambayanan ng Maykapal, narito ang hinihintay: Poong sasagip sa tanan; tinig n'ya'y mapapakinggan ang hatid n'ya'y kagalakan.**

***(Isa 30:19.30)***

#### Pagbati

***P*** – Sa ngalan ng Ama at ng Anak at ng Espiritu Santo!

***B*** – **Amen!**

***P*** – Ang pagpapala at kapayapaan mula sa Diyos na Ama natin at sa Panginoong Hesukristo nawa'y sumainyo!

***B*** – **At sumaiyo rin!**

#### Pagsisisi

***P*** – Mga kapatid, aminin natin ang ating mga kasalanan upang tayo'y maging marapat sa pagdiriwang ng banal na paghahaing nagdudulot ng kapatawaran ng Maykapal. *(Manahimik saglit.)*

***B*** – **Inaamin ko sa makapangyarihang Diyos at sa inyo, mga kapatid, na lubha akong nagkasala** *(Ang lahat ay dadagok sa dibdib.)* **sa isip, sa salita, sa gawa at sa aking pagkukulang. Kaya isinasamo ko sa Mahal na Birheng Maria, sa lahat ng mga anghel at mga banal at sa inyo, mga kapatid, na ako'y ipanalangin sa Panginoong ating Diyos.**

***P*** – Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga kasalanan, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

***B*** – **Amen!**

***P*** – Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

***P*** – Kristo, kaawaan mo kami!

***B*** – **Kristo, kaawaan mo kami!**

***P*** – Panginoon, kaawaan mo kami!

***B*** – **Panginoon, kaawaan mo kami!**

#### Panalanging Pambungad

***P*** – Ama naming makapangyarihan at maawain, sa aming pagsalubong sa iyong Anak, huwag mong ipahintulot na maging hadlang ang aming mga pinagkakaabalahan. Turuan nawa kami ng kanyang karunungan upang kami ay kanyang makapiling kasama mo at ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*** – **Amen!**

This issue of ***Patnubay sa Misa*** for free from www.wordandlife.org. A "love offering" for the continuation of our apostolate will be appreciated. Please, send your donation to "Word And Life Publications." Our Savings Account is BPI – # 3711-0028-46. Send us a copy of the deposit slip with your name and (email) address for proper acknowledgment. See contact details on the last page. Thank You!

## PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS

**Unang Pagbasa** *Bar 5:1-9*

*Malaking krisis ang pinagdaraanan ng mga Judiong ipinatapon sa Babilonia. Sa kanila ipinatungkol ng propetang si Baruc ang pananalita ng pag-asang maririnig natin. Ang mensaheng ito'y patungkol din sa atin ngayon.*

*L* – Pagbasa mula sa Aklat ni Propeta Baruc

**Jerusalem, hubarin mo na ang lambong ng panluluksa at isuot mo ang walang hanggang kaningningan ng Diyos. Ibalabal mo ang kanyang katwiran at iputong mo sa iyong ulo ang korona ng kadakilaan ng Diyos na Walang Hanggan. Itatanyag ka niya sa lahat ng dako. Tatawagin kang "Kapayapaang bunga ng katwiran at karangalan ng pagiging maka-Diyos." Jerusalem, tumindig ka at umakyat sa mataas na burol. Tingnan mo ang iyong mga anak na sa isang tawag lamang ng Diyos na Banal ay natitipon mula sa silangan hanggang sa kanluran. Nagagalak sila pagkat hindi sila kinalilimutan ng Diyos. Bihag silang inagaw sa iyo at kinaladkad na palayo, ngunit ngayo'y ibinabalik sa iyong sakay sa kaluwalhatian na wari'y nakaupo sa maharlikang trono.**


**Iniutos ng Diyos na patagin ang matataas na bundok at walang hanggang burol, at tambakan ang mga lambak upang panatag na makabalik ang bayang Israel na puspos ng kadakilaan ng Diyos. Sa utos niya'y lilitaw ang maraming mababangong punungkahoy upang liliman ang Israel. Aakayin sila ng Diyos, at babalik silang masaya sa pangangalaga ng kanyang habag at katwiran, at liligaya sa liwanag ng kanyang walang hanggang kaningningan.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Salmong Tugunan** *Awit 126*

*B – Gawa ng D'yos ay dakila, kaya tayo'y natutuwa!*

*R. M. Velez*




* **Nang lingapin tayo ng Diyos at sa Sion ay ibalik, ang nangyaring kasaysaya'y parang isang panagi-nip. Lahat tayo ay natuwa, masasayang nagsiawit. *B.***

* **Ang sabi ng mga bansang nagmamasid sa paligid, "Ang ginawa ng Diyos nila ay dakila, anong rikit!" Dakila ngang masasabi, pambihira ang ginawa, kaya naman kami ngayon, kagalaka'y di kawasa! *B.***

* **Kung paanong inuulan yaong mga tuyong batis, sa sariling bayan namin, kami, Poon, ay ibalik. Silang mga nagbubukid na nagtanim na may luha, bayaan mo na mag-aning masasaya't natutuwa. *B.***

* **Yaong mga nagsihayong dala'y binhi't nananangis, ay aawit na may galak, dala'y ani pagbalik! *B.***

**Ikalawang Pagbasa** *Fil 1:4-6. 8-11*

*Sa galak ni San Pablo sa magandang pagtugon ng mga mananampalataya ng Filipos, sinulat niya ang awit ng pasasalamat at kahilingang maririnig natin sa Ikalawang Pagbasa ngayon. Angkinin din natin ang awit pasasalamat ng Apostol.*

*L* – Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

**Ang aking mga panalangin para sa inyo ay laging puspos ng kagalakan dahil sa inyong tulong sa pagpapalaganap ng Mabuting Balita tungkol kay Kristo, mula nang ito'y inyong tanggapin hanggang sa kasalukuyan. Tinitiyak ko sa inyong ang mabuting gawa na pinasimulan sa inyo ng Diyos ay kanyang lulubusin hanggang sa Araw ng Pagbabalik ni Kristo Hesus. Nalalaman ng Diyos na ang pananabik ko sa inyo ay kasinlaki ng pagmamahal sa inyo ni Kristo Hesus.**

**Idinadalangin ko sa Diyos na mag-ibayo ang inyong pag-ibig at masangkapan ng malinaw na pagkakilala at malawak na pagkaunawa upang mapili ninyo ang pinakamahalaga sa lahat ng bagay. Sa gayon, pagdating ng Araw ng Pagbalik ni Kristo, matagpuan kayong malinis, walang kapintasan, at puspos ng magagandang katangiang kaloob sa inyo ni Hesukristo sa karangalan at kapurihan ng Diyos.**

Ang Salita ng Diyos!
*B* – **Salamat sa Diyos!**

**Aleluya** *Lu 3:4.6*

*B* – **Aleluya! Aleluya!
Daan ng Poong nar'yan na t'wiri't ihanda sa kanya. Pagtubos n'ya'y makikita.
Aleluya! Aleluya!**

**Mabuting Balita** *Lu 3:1-6*

*Sa pagbasa ngayon, binabanggit ni San Lucas ang mga tampok na tao noon sa pulitika at relihiyon upang bigyang-diin ang pagiging makasaysayan ng pangyayaring may kinalaman kay Hesus. Ngunit ang higit na mahalaga'y ang mapilit na panawagan ni Juan na ihanda natin ang ating mga puso sa pagsalubong sa Panginoon.*

*P* – Sumainyo ang Panginoon!
*B* – **At sumaiyo rin!**
*P* – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas
*B* – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

**Ikalabinlimang taon noon ng paghahari ni Emperador Tiberio. Si Poncio Pilato ang gobernador sa Judea, si Herodes ang tetrarka sa Galilea at ang kapatid naman niyang si Felipe, sa lupain ng Iturea at Traconite. Si Lisanias ang tetrarka sa Abilinia. Sina Anas at Caifas naman ang mga**

**TALASALITAAN:** • ***Araw ng Pagbabalik ni Kristo Hesus:*** Ang Araw ng Ikalawang Pagdating ni Kristo, kung kailan hahatulan niya ang lahat ng tao. • ***Tiberio:*** Ang Emperador na Romano na nagsimulang maghari noong si Hesus ay 8 taong gulang. Sa ilalim ng kanyang paghahari ipinako sa krus si Hesus. • ***Poncio Pilato:*** Ang Romanong gobernador noong panahon ng publikong paglilingkod ni Hesus, mula A.D. 25 hanggang A.D. 35. Hinatulan niyang mamatay si Hesus, sa pagbibigay sa hinihingi ng madla, sa kabila ng katotohanang wala siyang nakitang pagkakasala na maaaring parusahan ng kamatayan.

**pinakapunong saserdote noon. Nang panahong iyon, nasa ilang si Juan na anak ni Zacarias. Dumating sa kanya ang salita ng Diyos, kaya't nilibot niya ang mga lupain sa magkabilang panig ng Jordan at nangaral. "Pagsisihan ninyo't talikdan ang inyong mga kasalanan at pabinyag kayo upang kayo'y patawarin ng Diyos," wika niya. Sa gayo'y natupad ang nasusulat sa aklat ni propeta Isaias:**

**"Ito ang sabi ng isang sumisigaw sa ilang: 'Ihanda ninyo ang daraanan ng Panginoon, tuwirin ninyo ang kanyang mga landas!**

**Tatambakan ang bawat lambak, at titibagin ang bawat burol at bundok.**

**Tutuwirin ang daang likuliko, at papatagin ang daang baku-bako.**

**At makikita ng lahat ng tao ang pagliligtas na gagawin ng Diyos!' "**

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

***B* –Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

## Homiliya

## Sumasampalataya

***B*–** Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkatawang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

## Panalangin ng Bayan

***P*** –Sa ating pang-Adbiyentong paglalakbay, lalo nating nauunawaang kailangan ang paghahanda ng daan para sa Panginoon sa pamamagitan ng puspusang pansariling pagpapakabuti. Hilingin natin ang kanyang tulong at manalangin:

***B* –Panginoon, akayin mo kami sa landas ng kabanalan!**

* Para sa Simbahan at mga namumuno rito: sa tulong ni Juan Bautista, matagumpay nawa nilang maihanda ang mga puso ng mga tao sa pagsalubong sa Panginoon sa pamamagitan ng kanilang turo at mabuting halimbawa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa lahat ng napariwara ang buhay at naligaw ng landas: Nawa'y dinggin nila ang panawagan ni Juan na sila'y magsisi sa Adbiyentong ito at tumahak sa landas ng pagbabalik-loob. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa nag-aakalang sila ay higit sa iba: Nawa'y magamit nila ang kanilang talino sa pag-tulong sa mahihina alang-alang sa diwa ng paglilingkod at pakikipagkaisa sa kapwa. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa mga taong natatangay ng pagkamuhi, kapusukan, at kasakiman: Nawa'y, alang-alang sa diwa ng Adbiyento, ay mapanuto sila sa landas ng katarungan at kapayapaan. Manalangin tayo! ***B.***

* Para sa ating pagsalubong sa taon ng Jubileo: palakasin nawa nito ang ating pananampalataya, at matulungan tayong makilala ang Panginoong muling nabuhay sa ating pang-araw-araw na buhay. Manalangin tayo! ***B.***

***P*** –Panginoong Diyos, tibayan Mo ang aming kalooban sa paghahawan ng matuwid na daan para sa Iyong Anak na si Hesus. Punuin Mo ang mga lambak ng aming mga kabiguan, patagin ang mga bundok ng aming pagmamataas, at iayos ang aming baku-bakong daan ng masamang pag-uugali. Isinasamo namin ito sa ngalan ni Hesus na aming Panginoon.

***B* –Amen!**

## PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN

***P*–** Manalangin kayo. . .

***B*– Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakina-bangan at sa buong Sambayanan niyang banal.**

## Panalangin ukol sa mga Alay

***P*** –Ama naming Lumikha, kalugdan mo ang aming mga panalangin at alay. Sa anumang kakulangan ng aming abang nakayanan, nawa'y ang pag-ibig mo ang magbigay-kapupunan sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

***B*– Amen!**

## Prepasyo ng Adbiyento I

***P*** –Sumainyo ang Panginoon!

***B* –At sumaiyo rin!**

***P*** –Itaas sa Diyos ang inyong puso at diwa!

***B* –Itinaas na namin sa Panginoon!**

***P*** –Pasalamatan natin ang Panginoong ating Diyos!

***B* –Marapat na siya ay pasalamatan!**

***P*** –Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Siya'y isinugo mo upang matupad ang iyong magandang balak para sa lahat. Hindi niya ikinahiyang mamuhay nang mahirap upang mapakisamahan niya kaming matapat. Siya'y naging hindi na iba sa amin upang maitampok niya kami sa iyong piling. Sa kanyang lantarang muling pagdating, ang pakikisama niya'y puspusang magniningning at ang pangako niyang kapana-panabik ay inaasahan naming lubos na makakamit.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami'y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

***B*– Santo, santo, santo, Panginoong Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!**

**Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!**

## Pagbubunyi

***B*– Aming ipinahahayag na namatay ang 'yong Anak, nabuhay**

**bilang Mesiyas at magbabalik sa wakas para mahayag sa lahat.**

## PAKIKINABANG

***B*– Ama namin . . .**
***P*–** Hinihiling namin . . .
***B*– Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!**

### Paanyaya sa Kapayapaan

### Paghahati-hati sa Tinapay

***B*– Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, maawa ka sa amin. (2×)**

**Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan, ipagkaloob mo sa amin ang kapayapaan.**

### Paanyaya sa Pakikinabang

***P*–** Ito ang Kordero ng Diyos. Ito ang nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

***B* –Panginoon, hindi ako kara-pat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.**

### Antipona ng Pakikinabang

*(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)*

**Lunsod ng kapayapaan, tumayo ka at magdiwang. Narito ang kagalakang lumalapit sa 'yong tunay nanggagaling sa Maykapal.**

***(Bar 5:5; 5:36)***

### Panalangin Pagkapakinabang

***P* –**Ama naming mapagmahal, kaming pinapakinabang mo sa iyong banal na salu-salo ay turuan mong kumilala sa layunin ng iyong mga nilikhang bagay na dapat naming gamitin upang kami ay sumapit sa iyong piling sa pamamagitan ni Hesukristo kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.
***B*– Amen!**

## PAGWAWAKAS

***P* –**Sumainyo ang Panginoon.

***B* –At sumaiyo rin!**

***P* –**Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. *(Manahimik saglit.)*

–Palakasin nawa kayo ng Diyos at dalisayin ng Kanyang pagpapatawad habang naghahanda kayo sa pagsalubong sa Panginoong Hesus.
***B* –Amen!**

***P* –**Puspusin Niya nawa kayo ng matimyas na ligaya at pag-asa sa kabila ng mga paghihirap at suliranin.
***B* –Amen!**

***P* –**Mag-ibayo pa nawa ang inyong pag-ibig sa Diyos at upang maging tulay ng pagpapala sa lahat.
***B* –Amen!**

***P* –**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.
***B* –Amen!**

***P* –**Humayo kayo sa kapayapaan upang ipaghanda ng matuwid na landas ang Panginoon.
***B* –Salamat sa Diyos!**

# PANGAKO AT PANGARAL

Kalakbay at Katoto

Laging puno ng kabalintunaan ang dating sa akin ng mga pagbasa sa Adbiyento … puno ng pangarap, puno ng pag-asa, tigib ng pangaral, nguni't tigib rin ng katotohanang ang pangako at pag-asa at pangaral na ito ay dapat magdaan sa katuparang mula sa Diyos, at mula rin sa atin. Sa unang pagbasa, binanggit ni Baruch ang buod ng pangaral sa likod ng pangako: "patagin ang mataas na bundok." Sinang-ayunan ito ni Lucas sa mga kataga ni Juan Bautista: "ihanda ang daraanan ng Panginoon."

Pangako … pangaral … ang dalawang ito ay parang kambal na salitang hindi dapat paghiwalayin, lalu na sa *Adviento*.

May mga taong puro pangako ang pinanghahawakan. Ang tanging binabasa nila sa Kasulatan ay ang mga hula tungkol sa darating na kaligtasan. Ayaw nila ang mga bahagi ng Biblia na may kinalaman sa pananagutan.

Mayroon rin namang mga tao na ang tanging pinanghahawakan ay puro pangaral. Hindi nila pinapansin ang mga bahagi ng Kasulatan na ang pahatid ay puro kagalakan at kaginhawahan. Ang buhay, para sa kanila, ay isang parusa at panay kapighatian. Bawal sa kanila ang magsaya, ang makaranas ng kaunting kaginhawahan sa buhay.

Ito ang mga laging nanggagalaiti sa mga naliligaw ng landas, ang mga taong walang puwang para sa pang-unawa sa mga nalilisya o nadadapa sa landas ng pagkakasala.

WORD AND LIFE PUBLICATIONS

**Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila**
***Postal Address:*** P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines
***Tel. Nos.*** 8894-5401; 8475-8945 • ***Website:*** www.wordandlife.org
• ***E-mail:*** wordandlifepublications@gmail.com • ***FB:*** Word And Life Publications
• ***Editorial Team:*** Fr. J. Camaya, Fr. C. Dimaranan, Fr. D. Duya, V. David, R. Molomog, D. Daguio
• ***Illustrations:*** A. Sarmiento, B. Cleofe • ***Circulation:*** R. Saldua

Alam natin ang kalalabisan ng nauna – ang mga puro pangako ang pinanghahawakan. Kumain, uminom, at magsaya, sapagka't bukas-makalawa ay wala ka na. Ito ang kalalabisan ng mga taong walang kabubusugan.

Alam rin natin ang kalalabisan ng pangalawang uri. Utos, puro utos, todos utos, ika nga. Para silang mga ipinaglihi sa bawal. Lagi silang tama. Laging mali ang ibang tao, at laging nasa kanila ika nga, ang huling kataga. Lubha silang sigurado sa kanilang sarili, at kung magsalita ay parang may direktang linya sila sa langit.
Alam natin ang ginagawa ng unang pangkat … handa silang pumatay sapagka't sila ang may hawak ng kapangyarihan. Siksik, liglig, at nag-uumapaw … Ito ang aking tadhana at karapatan!
Alam rin natin ang mga ginagawa ng ikalawa. Lahat ay mali. Lahat ay may bahid ng kasalanan. At lahat ay dapat itama … ayon sa batas ng mga taong ito na puro pangaral ang atupag at pinagkakaabalahan.

Subali't ang mga pagbasa sa araw na ito ay isang tamang-tama ang timpla kumbaga, sa pagitan ng pangako at pangaral, pag-asa at katuparan. Paano ba natin titimplahin ang dalawang katagang tila magkasalungat?

Ito ang diwa ng magandang balita. Ang magandang balita ay hindi isang sulating dapat sundin ayon sa titik, kundi isang pahayag na dapat isapuso, isa-isip, at isadiwa na dapat maging batayan ng pagkilos at pag-aasal.

Pangako …. Darating na muli ang Mananakop.
Pangaral … ituwid ang kanyang daraanan.
Pangako … wala nang luha, wala nang pag-iyak, wala nang pasakit!

Pangaral … ibalabal ang Kanyang katuwiran!
Iisa ang pangako ng Diyos … ang kaligtasang walang hanggan. Marami ang pangaral ng mga Pariseong dinagdagan nang dinagdagan ang titik ng batas, nguni't malayo ang loob sa batas na yaon.

Adbiyento …. Pagdating …. Paghihintay … puno ng pangako at pag-asa. Nguni't teka lang, puno rin ng pangaral! Puedeng pagsabayin ang dalawa. Puedeng timplahin nang tama, ayon sa kagustuhan ng Diyos na buhay … dumating, dumarating, at muling darating!

---